
# 4 Kapag Parating ang Bagyo

## (1) Magsagawa ng Maagang Aksyong Plano Para sa Pagpigil sa mga Sakuna

Ito ay mahalaga upang maging maliwanag ng maaga at kahit bago pa man dumating ang kalamidad- kung kailan, paano at ano ang dapat mong gawin upang mabilis at tama ang hakbangin.Impormasyon tungkol sa Bagyo, panahon at lilikasan ay maaaring magbabago depende sa kalagayan ng bagyo gaya ng lakas at laki.Isulat ang mga hakbang na dapat mong gawin sa oras na may bagyo.

| | Bagyo at Impormasyon sa Panahon | Impormasyon sa Paglikas | Hakbangin na dapat mong gawin |
|---|---|---|---|




Ang iyong kinalalagyan
(                    )

## (2) Magsagawa ng Maagang Aksyon ng Paglikas

Maaaring maglabas ang alkalde ng isang tagubilin ng paglikas kung ang tubig ilog ay umapaw ng dahil sa malakas na ulan dulot ng bagyo. Kapag ikaw ay nakaramdam ng anuman g panganib lumikas sa lalong madaling panahon.

①Saan ka dapat lumikas mula sa iyong bahay?

②Kung ikaw ay lilikas ng sabay-sabay kasama ang iyong pamilya, ano ang dapat mong tandaan?

③Paglilikas sa gitna ng malakas na bagyo o sa gabi ay mapanganib. Paano mo iisipin ang iyong paglilikas?

## (3) Kapag Nahirapang Umuwi sa Tahanan

Sa sitwasyong may bagyo, ang mga mag-aaral ay mahihirapang umuwi dahil sa bagyo maging sa sitwasyon sa trapiko at paghinto ng sistema ng mga bagon.At sa Mie pa rin, ang labis na pag-ulan na dulot ng bagyong bilang 21 at masamang panahon noong Setyembre 2004 at pag-ulan ng yelo noong Pebrero 2014 ay nakapagpipigil sa mga mag-aaral na umuwi sa kanilang tahahanan.

○Kung iyong nakitang mahirap ang pag-uwi sa inyong tahanan pagka-alis mo sa paaralan, ano ang dapat mong gawin?

○Anong paghahanda ang dapat mong gawin sa oras na nakita mong mahirap ang pag-uwi sa bahay?

### Pag-usapan natin ito!

Merong mga tao na kahit naglabas na ng tagubilin ng paglikas ay nagiisip ng "Hindi nmn siguro grabe yan" "Okay lang kami dito" - tinatawag itong "Pagkiling sa normalisasyon". Kausapin natin ang mga taong ito halintulad ng isang kawani ng pamahalaan sa sakuna.